TOMO 10 BILANG 5 | ISSN NO. 2599-5405 | MAYO 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

## LIKHA NI INAY STORE, BUKAS NA SA PUBLIKO

***ni Edrian Banania***




*Pinangunahan nina (mula kanan patungong kaliwa) CARD Bank Senior Adviser Dr. Dolores M. Torres, Laguna Express Publisher Ms. Susan Crisostomo, CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip at Mr. Richard Abacan, isang kliyente ng CARD at may-ari ng isang grocery store.*

Binuksan ng Mga Likha ni Inay ang bago nitong pamilihan upang maghatid nang murang mga paninda sa *sari-sari store owners* at sa komunidad noong Mayo 16, 2023. Ang kauna-unahang Likha ni Inay Store ay matatagpuan sa Veranda, Paulino St., San Pablo City, Laguna.

Layunin ng bagong pamilihang ito na mabigyan ang mga may-ari ng tindahan at iba pang *microentrepreneur* na may kaugnayan sa ganitong negosyo nang malawak na imbentaryo ng mga produkto at mura at patas na presyo tulad ng iba pang *wholesale shopping center*.

Matatagpuan din sa pamilihang ito ang mga produkto ng Mga Likha ni Inay na gawa ng mga kliyente ng CARD MRI sa buong bansa.

Bilang pagsuporta sa misyon ng CARD MRI, mas palalakasin ng pamilihang ito ang mahigit sa 2,500 kliyente ng CARD at ang kanilang negosyo dahil sisiguraduhin ng CARD na ito ang magiging *partner* ng mga *sari-sari store owners* upang mapalago ang kanilang tindahan.

Ang mga mamimili ay maaari ding gumamit ng CARD OttoKonek mobile app upang mamili ng kanilang mga paninda. Bahagi na rin nito ang paghahatid ng kanilang pinamili sa *address* na nais nilang pagdalhan. Mas magiging maginhawa na rin ito para sa kustomer ng pamilihan.

Ang pagbubukas ay dinaluhan nina CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, iba pang *senior advisers*, pamunuan, kawani, at kliyente ng CARD MRI. Kasama rin sa pagbubukas ang *partner* ng CARD mula sa Salim Group of Indonesia.

Agad din namang bubuksan ang ikalawa nitong pamilihan sa Brgy. San

2

## HIJOS TOURS, NAGLUNSAD NG PROGRAMA SA NORTE NA MANGANGALAGA SA LOKAL NATING PAMANA

***ni Harlene Reyes***

Nagtungo ang CARD MRI Hijos Tours, ang *community-based tourism company* ng CARD MRI sa Ilocos Sur at Abra upang ipagdiwang at panatilihin ang ating pamanang kultura sa pamamagitan ng paglulunsad nito ng Bisita iti Balay Tour.

Nakatuon ang programang ito sa pagpapakilala at pangangalaga ng ating pamana kung saan ibinabahagi ang

2

**KWENTONG TAGUMPAY**

## REGALO NG ISLA

***ni Harlene Reyes***

Gaya ng ganda ng isla ng Boracay, napakarami ring magagandang kwento ang namumulaklak dito. Ang likas na ganda nito ay bumighani sa maraming turista mula sa iba't ibang panig ng mundo na nagbukas ng malawak na oportunidad sa maraming negosyante at nagbibigay ng trabaho sa maraming Pilipino.

Ang isla ng Boracay ay isang regalo sa mga residente nito.

2

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **₱50.00** load via konek2CARD!

**Ano ang pangalan ng CARD mobile app kung saan maaaring mamili ng mga paninda ang mga sari-sari store owners at komunidad?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# LIKHA NI INAY ... 1

Rafael, San Pablo City, Laguna ngayong taon.

Ang pamilihang ito ay pinamamahalaan ng Mga Likha ni Inay at CARD Indogrosir, isang *joint venture company* na nabuo sa pagtutulungan ng CARD MRI at Salim Group sa Indonesia.

## HIJOS TOURS NAGLUNSAD ... 1



*Ang mga mahuhusay na kliyente ng CARD SME Bank ay nakibahagi sa dalawang araw na Bisita iti Balay Tour kung saan naranasan nila ang hand dyeing at hand embroidery.*

mayamang kasaysayan at makulay na kultura ng Norte, partikular na ang Vigan City sa Ilocos Sur at Peñarrubia sa Abra. Ang makasaysayang kwento nito ay nagpapakita rin ng kaugalian ng CARD MRI at ng ating mga pamana bilang Pilipino.

Tampok sa programa ang tradisyunal na pagtitina na ipinasa sa lokal na komunidad ng Namarabar sa Peñarrubia, Abra, at ang mga natural na tina na ginagamit sa pangkulay ng mga sinulid para sa paghabi at mga tela habang itinataguyod ang ating sining sa pamamagitan ng mga kulay, *pattern*, at disenyo.

**Pagtuklas sa ating natatanging kasaysayan**

Layunin ng bagong *tour program* na matulungan ang komunidad na maibalik ang sigla ng natural na pagtitina.

Binibigyan din ng pagkakataon ang mga manlalakbay na mabisita at maranasan ang mga makasaysayang lugar tulad ng Ilocos Region National Museum, pagsakay sa kalesa sa Calle Crisologo, tikman ang empanada at longganisa ng Vigan, at magdisenyo ng sarili nilang damit gamit ang pagtitina bilang bahagi ng kanilang makasaysayang paglalakbay.

Gamit sa pagtitina ang mga natural na halaman tulad ng sapang, atsuete, at indigo sa tirahan ni Luis Agaid Jr., ang anak ni Luis Agaid Sr., na kilala bilang ama ng natural na pagtitina sa Abra.

Upang maging mas makabuluhan ang kanilang paglalakbay, nagkaroon sila ng oportunidad na matutuhan ang *hand embroidery* mula sa Itneg Tribe na tinutulungan ng CARD MRI sa pamamagitan ng pagbibigay akses sa *loans* at iba pang programang pangkaunlaran.

"Nais nating ipagmalaki ng mga susunod na henerasyon ang ating kasaysayan at pamana kung kaya't patuloy nating ibabahagi ang ating magkakaiba ngunit mayayamang kwento at tradisyon," ani Marilyn M. Manila, ang Chair at President ng Hijos Tours. "Sa tulong ng ganitong *tour program*, maipagdiriwang natin ang ating pagka-Pilipino."

"Tunay na ito ay isang makabuluhang paglalakbay tungkol sa pagpapahalaga at pamana ng ating 4

## KWENTONG TAGUMPAY

## REGALO NG ... 1

Niyakap ni Almie Mondoy, tubong Kalibo, Aklan, ang regalong ito. Lumipat ang pamilya ni Almie sa Boracay dahil sa negosyo ng kanyang ama tatlong dekada na ang nakararaan. Pagkatapos ng kanilang pag-aaral, itinayo ng kanyang pamilya ang unang talipapa *restaurant* sa isla na nag-aalok ng sariwang pagkaing-dagat.

Sa kasamaang palad, nasunog ang kanilang *restaurant* dahilan upang tuluyan itong magsara. "Sa kabila ng kabiguan, ipinagpatuloy lang namin ang aming buhay. Darating ang araw, magiging maayos din ang lahat," ani Almie.

Nagsimulang lumikha ng kwintas at pulseras ang ina ni Almie mula sa mga kabibi bilang kanyang libangan. Kalaunan, ginawa na niya itong negosyo. Naging mabenta ito sa mga turista kung kaya't kinuha nila ang pagkakataong ito upang kumita.

Hindi nagtagal, gumawa na rin si Almie ng mga aksesorya at nagsimulang magnegosyo. Kumuha siya ng *loan* sa CARD Bank noong 2007 upang mapanatili ang produksyon nito. Tinulungan siya ng bangko na mapalago ang kanyang negosyo at kalaunan ay nakapagrenta na siya ng espasyo para sa kanyang *souvenir shop*.

Ngunit lubhang naapektuhan ang mga negosyo at kabuhayan sa isla nang isara ang Boracay sa publiko para sa rehabilitasyon nito noong 2018. "Walang turista noon at mahirap para sa aming mga negosyante ang sitwasyong iyon. Ngunit alam kong magiging mabuti ang lahat kung mananatiling positibo ang aming pananaw."

Nang muling buksan ang isla sa publiko, muling nagpatuloy ang kanilang pamumuhay.

Muling sinubok ang pananampalataya at kakayahan ni Almie nang dumating ang pandemya. Isa ang *souvenir shop* ni Almie sa mga negosyong napilitang magsara dahil sa *lockdown*. "Isa itong napakalaking hamon sa amin. Hindi namin alam kung saan kukuha ng pera para sa aming pang-araw-araw na 4

## KAGANDAHAN SA LIKOD NG HAMON NG BUHAY

***ni Edrian Banania***



*Sa kabila ng hamon ng buhay, napalago ni Elizabeth Lalap ang kanyang negosyo dahil sa kanyang ipinakitang tapang, determinasyon, at pasensya sa pagnenegosyo.*

Dumarating sa iba't ibang paraan ang tagumpay ng isang tao at ng negosyo.

Para kay Elizabeth Lalap, isang 48 taong gulang na may negosyo mula sa Lipa City, Batangas, ang tagumpay sa negosyo ay higit pa sa pagbibigay ng mga dekalidad na produkto at serbisyo. Kasama rin dito ang 4

# BUKAS PARA SA LAHAT

***Alamin ang mga pagdiriwang at bagong lokasyon ng mga opisina ng CARD MRI sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.***




### CARD MBA, muling nagbukas ng panibagong provincial office

Binuksan ng CARD MBA ang panibagong pintuan nito sa Union St., Poblacion 5, Balayan, Batangas noong Mayo 29, 2023. Ito ang ika-86 na provincial office ng naturang microinsurance-MBA sa bansa.

Ang muling pagbubukas ng panibagong tanggapan ay estratehiya ng Samahan na mas mabilis maakses ang kanilang mga produkto at serbisyo at upang maisakatuparan ang 8-24 *claims settlement* nito. Layunin nitong mabayaran sa loob ng 24 na oras ang *insurance claims* ng mga miyembro at benepisyaryo nito.

Ang naturang provincial office ay unang magsisilbi sa 63,370 miyembro at kanilang pamilya mula sa CARD, Inc. at CARD SME Bank sa probinsya ng Batangas.




### BotiCARD Davao, lumipat sa bago nitong parmasya

Upang makapaghatid nang mas mabilis na akses sa mga produktong pangkalusugan, ang BotiCARD Davao Pharmacy ay lumipat sa Purok 4 Vicenta Gloria, Barangay Tibungco, Bunawan District, Davao City noong Mayo 8, 2023.

Ang pagbubukas ay dinaluhan nina BotiCARD Chairman at President Rosenda P. Aquino, Chief Operating Officer Allan Rey L. Sarmiento, at iba pang pamunuan ng CARD MRI sa Davao City kasama ang mga kliyente at kawani nito.

### BotiCARD, 12 taon ng tagapagsulong nang mahusay na kalusugan

Ipinagdiwang ng BotiCARD ang ika-12 taong anibersayo nito ng paghahatid ng mura at dekalidad na produktong pangkalusugan noong Mayo 11, 2023.

Nagsimula ang BotiCARD mula sa Microfinance and Health Protection (MaHP) Program ng CARD MRI upang tugunan ang pangangailangan ng komunidad sa mura, madaling maakses ngunit epektibong mga produktong pangkalusugan at *personal care*.

Sa pakikipagtulungan ng BotiCARD sa MaHP Unit, nakapaghahatid ito nang libreng konsultasyong pangkalusugan at bunot ng ngipin sa komunidad. Patuloy nitong sinusuportahan at pinalalakas ang programang pangkalusugan ng CARD MRI dahil naniniwala ito na ang pagkakaroon ng magandang kalusugan ng komunidad ay isang solusyon sa isang magandang bukas.




### CARD EMPC, nagdiwang ng 19 na taong pagpapalakas ng mga miymebro nito

Patuloy na pinalalakas ng CARD Employees Multi-Purpose Cooperative o CARD EMPC ang mga miyembro nito sa pamamagitan ng pagpapatupad at paghahatid ng mga kapaki-pakinabang na produktong pampinansyal nito.

Sa 19 na taong operasyon nito ngayong Mayo 11, 2023, hindi natitinag ang misyon nito na bigyan ng mataas na motibasyon ang mga miyembro nito kasama na ang kanilang pamilya na magkaroon ng desenteng pamumuhay. Naghahatid ang CARD EMPC ng *loan products* tulad ng *regular loans, multi-purpose loans, housing loans, pocket loans, insurance loans*, at iba pang *health care benefits* na ibinibigay lamang para sa mga miyembro nito.

***ni Edrian Banania***




## HIJOS TOURS NAGLUNSAD ... 2

lugar," ani Imelda Asuncion, isa sa mga naging kalahok ng programa.

Ang Hijos Tours ay mayroon pang anim na *tour program* sa San Pablo City, Leyte at Samar, Iloilo City, Davao City, Baguio City, at Legazpi City na nagbibigay nang natatangi at makabuluhang paglalakbay.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Hijos Tours, maaaring bisitahin o mag-iwan ng mensahe sa kanilang opisyal na Facebook page, @HijosToursOfficial.

## REGALO NG ... 2

pangangailangan," aniya. "Pero patuloy kong sinasabi sa sarili ko na magiging maayos din ang lahat."

Sa gitna ng hamong ito, nakita ni Almie ang puso sa serbisyo ng CARD Bank. Ayon sa kanya, ang CARD Bank ang nagbigay sa kanila ng tulong at suporta sa panahon ng *lockdown*. "Noong hindi namin alam ang gagawin, hindi kami iniwan ng CARD Bank," aniya.

Unti-unting bumalik sa normal ang lahat at muling sinimulan ni Almie ang kanyang negosyo. Tinulungan siya ng CARD Bank na muling makabangon. "Anuman ang mangyari, mananatili ang aming negosyo kasangga ang CARD Bank," pagpapatuloy ni Almie.

Ang muling pagbangon ng ekonomiya ay nagbigay ng bagong sigla sa isla. Si Almie ngayon ay kumikita na ng PHP10,000 araw-araw at ginagamit ito sa pagpapalawak ng kanyang negosyo.

Kumikita rin si Almie sa kanyang *guest house* at ukay-ukay *store* sa Romblon. "Masasabi ko ngayon na napagtagumpayan ko ang mga pagsubok at handa kong haharapin ang anumang darating pa," pagtatapos ni Almie.

## KAGANDAHAN SA LIKOD ... 2

tagumpay sa pagharap ng mga hamon kaakibat ng katapangan sa pakikipagsapalaran.

Kasama ang kanyang asawa, sinimulan ni Elizabeth ang pagtitinda ng *beauty products* habang sila ay *corporate employees*. Sa PHP30,000.00 na kanyang naipon, nakipagsapalaran siyang maging *franchisee* ng Skin Magical *brand*, isang kilalang *brand* para sa mga produktong pampaganda sa Pilipinas. Pinangalanan niya ang *franchise store* na Speak Chicks.

Habang patuloy na umuunlad ang kanilang negosyo, tulad ng marami, naharap sila sa mga pagsubok, tulad ng kakulangan sa kapital, limitadong produkto, at malakas na kompetisyon sa merkado na sumubok sa kanilang katatagan bilang mag-asawa at bilang mga negosyante. Hindi nagpatinag si Elizabeth. Sa halip, patuloy sila sa pagharap sa hamon ng buhay. Gaya ng lagi niyang iniisip, " Sa pagtamo ng tagumpay, haharap tayo sa mga problema na dapat harapin at lagpasan."

Bukod sa mga *beauty products* tulad ng *rejuvenating sets*, *whitening soaps*, at iba pang *branded* at *dermatologically tested beauty regimens*, nag-aalok din sila ngayon ng kanilang *formulated perfume products* Ang pabangong "*Meow*" ay kanilang ipinangalan sa paboritong pusa ng kanilang anak na babae at ngayon ay inaalok at *available* na sa mga sangay ng kanilang negosyo.

Dahil sa kanilang pagsisikap at katapangan, ang kanilang negosyo ay lumago mula sa isang *franchise store* hanggang sa apat na sangay na matatagpuan sa Batangas at San Pablo City.

"Bukod sa aming pagsisikap at pananalig sa Panginoon, naging posible ang lahat ng ito dahil sa tulong at suporta na aming natanggap mula sa CARD SME Bank," ani Elizabeth.

Si Elizabeth ay sumali sa nasabing *thrift bank* taong 2010. Sa kanyang 13 taong pagiging kliyente, umabot na sa PHP200,000 ang kanyang naging *loan* na kanyang ginamit para sa negosyo at sa pangangailangan ng kanyang pamilya.

Sa kasalukuyan, ang opisyal na Facebook page ng negosyo ni Elizabeth na mayroong libo-libong *followers* at pinangalanang Ganda ni Kumare Beauty Essentials ay maaaring gamitin sa pagtingin at pag-order ng kanilang mga produkto. Ngayong 2023, plano nilang muli na magbukas ng anim pang sangay.

"Para sa ibang mga negosyante at kliyente ng CARD, ang ating mga pangarap ay posibleng maabot basta't huwag susuko sa hamon ng buhay. Tandaan, ang tagumpay ay nangangailangan ng oras at pasensya at ang magandang bagay ay naghihintay pagkatapos ng mga hamon sa buhay," pagtatapos niya.






SULONG EDITORIAL BOARD
Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Aristeo A. Dequito, Marilyn M. Manila — Editorial Advisers
Dr. Edmund G. Centeno — Editor-in-Chief
Cyrene Grace DC. Lubigan — Managing Editor
Jeffrey C. Tandingan — Associate Editor
Berwyn Lloyd D. Buenaseda, Medel E. Valencia, Albert A. Dayag, Ervin M. Calabia — Layout Artists
Edrian B. Banania, Harlene Joy F. Reyes, Josephine M. Ramos — Writers